Republic of the Philippines
Department of Education
CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION
Wangal, La Trinidad, Benguet

RELEASED
AUG 01 2017
DEPED-CAR Time:______

Hulyo 28, 2017

PANREHIYONG MEMORANDUM
Blg. 228 Ser. 2017

## MGA PATIMPALAK KAUGNAY SA PAGDIRIWANG NG PAMBANSANG BUWAN NG WIKA 2017

Para sa : Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

Bilang pag-alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg.58 s. 2017 kaugnay sa taunang pagdiriwang Nn Pambansang Buwan ng Wika na may paksang " **Filipino: Wikang Mapagbago**" ay ipinapaalam sa lahat ng dibisyon na magkakaroon ng panrehiyong paligsahan na gaganapin sa bulwagan ng Benguet State University (BSU), La Trinidad, Benguet sa Agosto 31, 2017 sa ganap na ika-8:00 ng umaga para sa panapos na palatuntunan.

1. Layunin ng pagdiriwang ang mga sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilalahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

2. Kaugnay sa pagdiriwang, ang iba't ibang paligsahang isasagawa ay ang mga sumusunod:

**ELEMENTARYA**

1. **Isahang Pag-awit**

**Mekaniks:**

a. Ang kalahok ay mga mag-aaral mula sa una, ikalawa at ikatlong baitang.
b. Ang awit ay may kaugnayan sa paksa. Maaaring bumuo ng sariling awit o maghanap ng gawang mga awiting Pilipino.
c. May nakalaang minimum na dalawang minutos hanggang sa maksimum na apat na minutos para sa pag-awit kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.

**Kraytirya:**

| | |
|---|---|
| Tinig | 20% |
| Boses | 20% |
| Kasanayan/ Pagkilos | 15% |
| Damdamin at ekspresyon | 20% |
| Nilalaman ng awitin | 15% |
| Kaugnayan sa paksa | 10 % |
| **Kabuuan** | **100%** |

Telephone Numbers:
Office of the Director IV -422-1318
Fax Machine -422-4074
Office of the Director III -309-3013
Administrative Division -422-1804
Budget and Finance Division -422-5155
Elementary Education Division -422-7096
Alternative Learning System -422-5187
Secondary Education Division -309-3014
Cash Section -309-3017
Physical Facilities Unit/ICT -309-3011
Regional Planning Unit -309-1234
Supply Unit -422-2198
Record Section -309-3015
Payroll Services Unit -424-3993
Special Services Division -424-5167
Commission on Audit -422-7434

2. **Balagtasan**

**Mekaniks:**

a. Ang kalahok ay binubuo ng tatlong mag-aaral na magmumula sa Baitang 4-6.
b. Ang paksa ay may kaugnayan sa paksa.
c. May nakalaang tatlong minutos hanggang sa maksimum na limang minutos para sa pagtatalo.

**Kraytirya:**

a. Kaangkupan sa tema at kaalaman sa paksa__________ 35%
b. Kaangkupan ng galaw, kilos at ekspresyon ng mukha__________ 25%
c. Paglalahad ng mga patunay/ebidensiya__________ 10%
d. Kabuuang pagtatanghal__________ 20%
e. Kagamitan at kaayusan__________ 10%

**Kabuuan__________100%**

**JUNIOR HIGH SCHOOL**

1. **Katutubong Sayaw**

**Mekaniks:**

a. Ang mga kalahok ay mag-aaral mula sa Baitang 7 at 8.
b. Ang pangkat ay binubuo lamang ng apat na mananayaw.
c. Ang sayaw ay itatanghal sa loob ng limang (5) minutos hanggang sampung (7) minutos hindi kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.

**Kraytirya:**

a. Pagkakaisa ng Kilos/galaw__________35%
b. Kaalaman sa sayaw __________30%
c. Kasuotan __________ 15%
d. Kabuuan ng pagtatanghal __________ 20%

**Kabuuan__________ 100%**

1. **Dagliang Talumpati**

**Mekaniks:**

a. Ang kalahok ay mga mag-aaral mula sa Baitang 9 at 10.
b. Ang tanong ay nakahanda para sa mga kalahok.
c. May nakalaang minimum na tatlong minutos hanggang maksimum na limang minutos para sa paglalahad ng ideya kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado

**Kraytirya:**

a. Kaalaman sa paksa/Kaisahan ng ideya__________ 30%
b. Lakas at linaw ng boses__________ 20%
c. Paglalahad ng mga patunay__________ 25%
d. Kaangkupan ng ekspresyon sa mukha, pagpapakita ng pagtitiwala sa sarili_____ 25%

**Kabuuan __________ 100%**

**SENIOR HIGH SCHOOL**

2. **TULAWIT/ HARANA**

**Mekaniks:**

a. Ang kalahok ay mga mag-aaral mula sa Baitang 11 at 12.
**b.** Ang lahat ng usapan/ dayalogo ay isasagawa sa pamamagitan ng awit o tula na gagawin. Maaring ito ay halaw sa nagawang awit o sariling katha na nilapatan ng sariling himig. Ipakikita ang pagiging madamdamin at wagas na pagsinta.

**Kraytirya:**

Boses __________25%
Indayog-__________ 25%
Damdamin__________20%
Kaugnayan sa Paksa __________10%
Pangkalahatang presentasyon__________ 10%

**Kabuuan __________100%**

3. Ang mga mag-aaral na nagkamit ng unang puwesto lamang sa limang patimpalak ang magrerepresenta sa kanilang Dibisyon para sa Panrehiyong patimpalak.

4. Ang mga kalahok sa gawaing ito ay ang mga kontestant sa bawat patimpalak, ang kanilang tagapagsanay , ang pandibisyong tagamasid sa Filipino at tagapamanihala ng paaralang pansangay.

5. Ang miryenda, pananghalian, medalya at tropeo ay manggagaling sa pondo ng rehiyon subalit ang gagastusin sa pamasahe papunta at pabalik sa paaralan at Dibisyon ay manggaling sa pondong lokal, pondo ng paaralan o anumang ibang maaaring pagkukunan ng pondo alinsunod sa mga panuntunan sa pagsusuma at pag-oodit.

6. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**MAY B. ECLAR, PhD, CESO V**
**OIC-Panrehiyong Direktor**